Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

22 Setyembre 2024 | Ika-25 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

# TAGUYOD NATIN AY ANG DIYOS!

*Ang hangarin na magtamo ng pinakamagandang resulta at ang mas pagbutihan pa ang paggawa, ay likas ng nag-uudyok sa mga tao upang umunlad. Ngunit karaniwang ito'y dahil sa pagmamataas – pagmamataas na nagiging dahilan upang tapakan natin ang iba matamo lamang ang tagumpay. Hindi gayon ang itinuro sa atin ni Hesus.*

*Sa Ebanghelyo, hinahamon ni Hesus ang kanyang mga disipulo na maging lingkod ng lahat. Iyon ang pinakapraktikal at mabisang paraan ng pagsugpo sa pinsalang bunga ng "mga magkalabang pagnanasa sa ating kalooban."*

*Sa Eukaristiyang ito, idalangin natin sa Panginoon ang biyayang makapaglingkod dahil sa pagmamahal at nang may pagmamahal. Tanging ang Diyos ang ating taguyod, sa kabila ng matindi at iba-ibang uri ng tagtuyot!*



## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sabi ng Poong Maykapal, "Ako ang s'yang kaligtasan ng hirang kong sambayanang tinutugon ko sa dasal na sagipin sa kaaway."**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** –Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo!

***B*** –**At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** –Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos, kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad nang lubos.*(Manahimik saglit.)*

***P*** –Naparito ka para mapagbalik-loob ang mga makasalanan. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** –Inialay mo ang iyong buhay para sa kaligtasan ng mundo. Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** –**Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** –Ipinananalangin mo kami sa Amang mahabagin. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, itinakda mong ang lahat ng mga utos mo ay mauwi sa pag-ibig sa iyo at sa kapwa tao. Ipagkaloob mong sa pagtalima namin sa mga ito, kami'y pagindapatin mong sumapit sa buhay na walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Kar 2:12.17-20*
*Dulot ng siping ito buhat sa Aklat ng Karunungan ang mga plano ng masasamang tao laban sa isang tipikal na tapat na Judio na humihimok sa kanilang talikuran ang kanilang masamang pamumuhay. Ang biktima ng kanilang masasamang plano ay kumakatawan kay Hesus, na siyang sadyang pinakatapat sa lahat.*

*L*– Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan

**Sinabi ng mga masasamang tao: "Tambangan natin ang mga taong matuwid, pagkat hadlang sila sa ating mga balak; ipinamumukha nila sa atin ang pagsuway sa kautusan, at sinasabing tayo'y nagkasala laban sa kaugalian.**

**Tingnan natin kung ang salita nila'y magkakatotoo, kung ano ang mangyayari sa kanila pagkamatay nila. Kung ang mga matuwid ay anak nga ng Diyos, sila ay tutulungan niya at ililigtas sa mga kaaway.**

**Subukin natin silang dustain at pahirapan, upang malaman natin kung hanggang saan ang kanilang kagandahang-asal, at kung hanggang kailan sila makatatagal. Subukin nating ibingit sila sa kamatayan, yamang ang sabi nila ay iingatan sila ng Diyos."**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 53*

*B* –***Ang D'yos ang s'yang tumutulong at sa aki'y nagtatanggol!***




* **Makapangyarihang Diyos, ako ay iligtas, ipagsanggalang mo niyong iyong lakas; dinggin mo, O Diyos, itong iyong anak, sa aking dalanging ngayo'y binibigkas.** *B.*

* **Ang nagmamataas ay laban sa akin. Hangad ng malupit ang ako'y patayin. Sila'y mga taong ang Diyos ay di pansin.** *B.*

* **Batid kong ang Diyos ang aking katulong, tagapagsanggalang ko ang Panginoon. Buong galak naman akong maghahandog ng pasasalamat sa Panginoong Diyos, dahilan sa kanyang mabuting kaloob.** *B.*

**Ikalawang Pagbasa** *San 3:16-4:3*
*Sa pamayanang binabagabag ng selos at makasariling ambisyon, mungkahi ni Santiago ay isang solusyon: maghangad ng karunungan sa itaas at masiglang itaguyod ang kapayapaan.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Santiago

**Mga kapatid, saanman naghahari ang inggit at makasariling hangarin, maghahari rin doon ang kaguluhan at lahat ng uri ng masamang gawa.**

**Ngunit ang may karunungang mula sa Diyos, una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay. Siya'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay, mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari. At namumunga ng katwiran ang binhi ng kapayapaang inihahasik ng taong maibigin sa kapayapaan.**

**Ano ang pinagmumulan ng inyong alitan at paglalaban-laban? Hindi ba't ang masasamang nasa na namumugad sa kalooban ng bawat isa sa inyo, at pawang nagkakalaban-laban? Mayroon kayong pinakamimithi ngunit hindi ninyo makamtan, kaya't papatay kayo kung kailangan, mapasainyo lamang ito. Dahil sa inyong pag-iimbot sa mga bagay na hindi inyo, kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. Hindi ninyo nakakamtan ang inyong minimithi, sapagkat hindi kayo humihingi sa Diyos. At humingi man kayo, wala rin kayong natatanggap, sapagkat masama ang inyong layunin – humihingi kayo upang gamitin sa kalayawan.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya**

*B* –**Aleluya! Aleluya!
Tayo'y tinawag ng Diyos upang magningning na lubos sa aral ni Kristo Hesus.
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mc 9:30-37*
*Ang kababaang-loob at paglilingkod ay ang dalawang katangiang mahirap tupdin ng mga apostol. Pinagtibay ni Hesus ang kanyang pangaral tungkol dito sa pamamagitan ng paghihikayat sa kanila na maging lingkod ng lahat.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, si Hesus at ang kanyang mga alagad ay nagdaan sa Galilea. Ayaw ni Hesus na malaman ito ng mga tao, sapagkat tinuturuan niya ang kanyang mga alagad. Sinabi niya: "Ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo at papatayin, ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw." Hindi nila naunawaan ang sinabi niya, ngunit natatakot naman silang magtanong sa kanya.**

**At dumating sila sa Capernaum. Nang sila'y nasa bahay na, tinanong ni Hesus ang kanyang mga alagad, "Ano ba'ng pinagtatalunan ninyo sa daan?" Hindi sila kumibo, sapagkat ang pinagtatalunan nila'y kung sino sa kanila ang pinakadakila. Naupo si Hesus, tinawag ang Labindalawa at sinabi, "Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat, at maging lingkod ng lahat."**

**Tinawag niya ang isang maliit na bata, at pinatayo sa harapan nila. Pagkatapos, kinalong niya ito at sinabi, "Ang sinumang tumanggap sa isang maliit na batang tulad nito alang-alang sa akin ay tumatanggap sa**

**akin; at sinumang tumanggap sa akin – hindi ako ang kanyang tinatanggap kundi ang nagsugo sa akin.”**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*** **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** **–** Nananalig sa kabaitan ng Diyos sa mga dumudulog sa Kanya, tayo’y pakumbabang magharap ng ating mga kahilingan para sa lahat ng nangangailangan. Manalangin tayo:

***B*** **– Bukal ng lahat ng kasiyahan, dinggin Mo kami!**

* Para sa mga pamayanang Katoliko na hinahamak o pinaguusig: Nawa’y maging bukal ng kanilang lakas ang pag-asa sa gantimpalang walang hanggan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at iba pang pinuno ng Simbahan: Nawa’y pahalagahan nila ang kababaang-loob at ang diwa ng paglilingkod sa pagtulad kay Hesus, na siyang Lingkod ng lahat. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga katekista at lahat ng naglilingkod sa *catechetical ministry:* Nawa’y makita nilang magantimpalaan ng tagumpay ang kanilang mga pagsisikap sa paghubog sa kabataan alinsunod sa mga turo ni Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga kumakalinga sa mga batang palaboy, may kapansanan, at nalulong sa droga: Nawa’y masigasig nilang maipagpatuloy ang paglilingkod kay Kristo sa kanilang kapwa. Manalangin tayo! ***B.***

* Upang tayong lahat ay matutong makinig sa panaghoy ng kalikasan at sa pagtangis ng lahat ng biktima ng mga trahedya sa kalikasan at hagupit ng pagbabago ng klima, at nang lahat ay matuto ring mangalaga para sa daigdig na kinalalagyan natin, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

***P*** **–** Panginoong Hesus, pagkalooban mo kami ng kababaang-loob at paglilingkod nang kami’y maging mga kasangkapan ng iyong pagmamahal sa lahat ng aming mga kapatid, lalo na sa mga nagdurusa. Ikaw na nagpakasakit at patuloy na kumakalinga nang walang hanggan.

***B*** **– Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo . . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–** Ama naming Lumikha, maawain mong kalugdan ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang ipinahahayag namin nang may pananampalatayang matibay ay aming tanggapin sa banal na pakikinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

### Prepasyo II

***P*** **–** Sumainyo ang Panginoon!

***B*** **– At sumaiyo rin!**

***P*** **–** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** **–** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** **–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya’t minabuti niyang siya’y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami’y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo’y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **– Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** **–** Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan

ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Binigay mong mga utos para sundin nang malugod, kaya't iyong itaguyod landas ng puso ko't loob nang utos mo ay masunod.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** **–**Ama naming mapagmahal, kaming pinapapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay patuloy mong kaawaan at tulungan upang ang aming tinanggap ay siya nawang umiral sa pamumuhay namin sa araw-araw bunga ng iyong pagtubos na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **–Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** **–**Sumainyo ang Panginoon!

***B*** **–At sumaiyo rin!**

***P*** **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Iligtas nawa kayo ng makapangyarihang Diyos sa lahat ng masama at pagpalain kayo ng bawat mabuting kaloob.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Manunton nawa kayo sa Kanyang mga halimbawa, palaging gumagawa ng tama at mabuti, hanggang marating ninyo ang inyong makalangit na gantimpala.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Pagkalooban Niya nawa kayo ng lakas para sa mga pagsubok at tulutan kayong maging mahabagin sa mga nagdurusa.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** **–Amen!**

***P*** **–**Humayo kayo upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

***B*** **–Salamat sa Diyos!**

# TAGUYOD SA GITNA NG TAGTUYOT

*Kalakbay at Katoto*

**Panglaw at lungkot ang dulot ng unang pagbasa**. May kinalaman ito sa pagbabalak ng mga masasamang-loob laban sa mga nagpapakabuti at nagpapakabanal. Hindi ba't ito ay isang makatotohanang eksena sa buhay natin? Ang hindi sumasabay sa katiwalian, ang nagpapakatapat sa kanilang tungkulin, ang mga taong hindi sumusunod sa agos, ang may sariling pamamalakad at alituntunin batay sa kanilang paniniwala at pananampalataya … ito ang mga pinagsisikaping gapiin ng mga taong may masasamang balakin at hangarin.

**Alam natin kung bakit hindi makausad ang bayan natin …Ang katiwalian, kasakiman at ang pagkamakasarili ay nasa likod ng lahat ng ito**. At kung mayroong nagsisikap maiba sa kalakaran, alam rin natin na sila ay pinagbabalakan ng masama, tulad ng sinasaad sa unang pagbasa: *"Pahirapan natin ang tapat, sapagka't sinisira niya ang diskarte natin . . . sinasansala niya ang ating mga balakin."*

Ilang mga tao na naglilingkod sa gobyerno na ang nakapaglahad sa akin nito . . . Hirap sila magpakabuti, sapagka't sila ang pinag-iinitan ng mga tiwali.

**Ang landas ng buhay pang-araw-araw ay puno ng lahat ng uri ng tagtuyot, taghirap, at pagbabalak ng masama laban sa mga nagpapakabuti at nagsisikap gumawa nang tama at mabuti**. **Parang isang bukal ng sariwa at malamig na tubig sa tuyot na tuyot at tigang na lupa ang tugon natin sa lahat ng ito: *"Ipinagtataguyod ng Panginoon ang aking buhay."***

Nguni't matanong nga natin … totoo nga ba ito? Totoo nga ba na ang Diyos ay nagtataguyod sa mga naglalakad sa landas ng katotohanan at kabutihan?

**Ang sagot ko rito ay isang mataginting at malakas na Oo. May mga mabubuting tao pa rin ngayon.**

May pag-asa pa ang Pilipinas! Sapagka't mayroon pa ring mabubuting tao, para itong taguyod ng Diyos sa kabila ng tagtuyot na panahon kung kailan ang masama ay itinuturing na mabuti at ang mabuti ay ginagamit para sa kasamaan!

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Sa biyaya ng Diyos, marami na rin akong napuntahan sa buong daigdig. Ang Pinoy ay nasa mahigit sa 130 bansa sa buong mundo. Sila ang mga nagpapagalaw sa takbo ng liturhiya sa mga lugar na yaon. Sila ang mga umaawit at naglilingkod, nagpapahayag ng kagalakan sa pamumuhay Kristiyano, at nagsasabing mayroong taguyod mula sa Diyos sa kabila ng tagtuyot sa lipunang nababalot ng terorismo at marami pang ibang suliranin.

**Ang pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan ay walang iba kundi pagtataguyod ng katotohanang ang karunungang mula sa Diyos ay buhay, umiiral, umaantabay, gumagabay sa lahat ng tao . . . . Ngayon, dito, saanman at kailanman.**

**Paanyaya sa atin ng ikalawang pagbasa na hayaang lumawig ang karunungang ito mula sa itaas**. Sa halip na mapariwara dahil sa inggit, pagkamakasarili, at labis na pag-aasam, ang paanyaya sa atin ay yakapin ang karunungan mula sa Diyos. Ito ang malinaw na taguyod ng Diyos sa kabila ng tagtuyot!

**Ang ebanghelyo naman ay tumutuon sa kasukdulan ng tagtuyot – ang kamatayang naghihintay sa Panginoon. Kasama** ang mga disipulo sa paglalakbay sa buong Galilea, sinabi Niya nang tahasan ang totoo: *"Ang Anak ng Tao ay ihahabilin sa mga tao na maghahatid sa kanya sa kamatayan, nguni't matapos ang tatlong araw, siya ay muling mabubuhay."*

May lalampas pa kaya sa tagtuyot na ito, na kikitil sa kanyang buhay? May mas mapait pa kayang karanasan kaysa sa sinapit Niya sa pagbabalak at paggawa ng mabuti? Hindi ba ito ang kasukdulan ng tagtuyot ng kabutihan at katarungan?

**Kung minsan, nadadala tayo ng kalungkutan dahil sa mga nagaganap sa ating lipunan.** Tuyot at tigang ang mga lalamunan natin habang nagpupuyos ang damdamin at puso nating nais sumigaw ng katotohanan sa isang daigdig na tila hindi na nakikinig sapagka't pati ang mundo ay nadala na rin ng kalakarang malayo sa Diyos. **Taguyod mula sa itaas ang hanap natin. Taguyod mula sa Diyos na maawain ang dasal natin.**


Taguyod sa tagtuyot ang katangian ng buhay kristiyano. At sa araw na ito, hindi isang magic wand o isang kidlat o kulog ang balita Niya para sa ating lahat na nabubuhay pa dito sa lupang bayang kahapis-hapis.

**Ang kanyang tugon at taguyod? Heto . . . kumuha ng isang batang paslit,** iniupo sa kanyang harapan at nagwika: *"Sinumang tumanggap sa isang batang ito sa ngalan ko, ay tumatanggap sa akin. At sinumang tumanggap sa akin, ay tumatanggap hindi sa akin, kundi sa nagsugo sa akin."*

Ang taguyod ng Diyos sa kabila ng tagtuyot ay hindi isang kulog at kidlat mula sa langit. Ito ay unti-unti at dahan-dahang nagkakatotoo sa pamamagitan ng mahihina, marurupok, at simpleng tao tulad nating lahat … tulad ng isang payak na bata na tila walang kaya, walang yaman, at walang tinig.

Ito ang karunungang mula sa langit. Ang taguyod ng Diyos ay narito . . . nagkukubli sa likod mo, sa likod ko, sa likod nating lahat. At ang tanging kailangan ay ito . . . tanggapin ang hamon ng Panginoon . . . tanggapin Siya sa kabila ng katigangan ng buhay.

**Sapagka't sa kaibuturan ng lahat . . . ang taguyod natin sa tagtuyot ay walang iba kundi ang Diyos na sa mula't mula pa ay nagkaloob ng buhay sa gitna ng kadiliman at kawalan**!


Make sure you get your personal copy of the
**CHRISTIAN COMMUNITY BIBLE (CCB).**
Available in Filipino, English, and Cebuano
in a dignified, International standard quality

**Now available from:**

Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore